

Kodigo ng Etika ng Global Chemists

Panimula - Ginagawang Posible ang Positibong Pagbabago

Dapat itaguyod ng mga chemical practitioner¹ ang isang positibong pananaw at pampublikong pag-unawa at pagpapahalaga sa Chemistry. Magagawa ito sa pamamagitan ng pananaliksik, paglikha, pagkilos nang sama-sama, pagtutulungan, pag-abot sa komunidad, at mataas na pamantayan sa etika. Dapat kumilos ang mga propesyonal sa larangan ng Chemistry² bilang mabubuting halimbawa, tagapayo, at tagapagtaguyod ng ligtas at secure na paggamit ng Chemistry para sa kapakinabangan ng sangkatauhan at pangangalaga sa kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon. Dapat nilang itanim sa isip ng mga tao ang interes sa pagtuklas at paglikha, at hikayatin ito, habang maaga pa lang at nang madalas, at kilalanin at gantimpalaan ang mga nakakamit na tagumpay kung naaangkop. Sa huli, dapat magbigay ang mga propesyonal sa larangan ng Chemistry ng mga propesyonal na input at opinyon sa pamahalaan at iba pang institusyong nagpapasya sa mga isyung nauugnay sa mga aspetong industriyal, pangkapaligiran at iba pa.

Kapaligiran

Dapat na maging malaking bahagi ng pananaliksik at edukasyon ang sustainability ng kapaligiran. Dapat gamitin ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry ang kanilang pagkadalubhasa upang matiyak ang kaligtasan at kalusugan ng mga katrabaho at komunidad, at upang protektahan ang kapaligiran para sa mga susunod na henerasyon.

Dapat na makipagtulungan ang mga chemical practitioner sa kanilang mga organisasyon upang makatulong sa pagbuo ng maiinam na plano at patakarang pangkapaligiran. Dapat hikayatin ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry ang pagsasama ng sustainability ng kapaligiran bilang isang mahalagang elemento sa pagtuturo at paggamit ng Chemistry sa komunidad.

Responsibilidad ng mga chemical practitioner na tiyakin ang wastong paggamit at pagtatapon ng mga kemikal at kagamitan. Dapat silang magsumikap upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa mga pangmabilisan at pangmatagalang epekto ng mga kemikal sa kapaligiran at upang magpatupad ng mga ipinabatid na prinsipyo sa pagkontrol ng kalidad.

Pananaliksik

Dapat ay maging kapaki-pakinabang sa sangkatauhan at makatulong sa pagpapaghawa ng kalidad ng buhay ang pananaliksik sa larangan ng mga agham na may kaugnayan sa Chemistry, habang pinoprotektahan ang kapaligiran at pinangangalagaan ito para sa mga susunod na henerasyon. Dapat isagawa ng mga mananaliksik ang kanilang pag-aaral nang may pinakamataas na integridad at transparency, nang umiiwas sa mga salungatan ng interes, at nang may respeto sa mga katrabaho sa pinakamainam na paraan. Dapat itaguyod ng pananaliksik ang pagpapalitan ng bagong siyentipiko at teknolohikal na impormasyon at kaalaman kaugnay ng paggamit ng Chemistry para sa kapakinabangan ng sangkatauhan at ng kapaligiran.

¹ **Mga chemical practitioner:** Mga siyentipiko, inhinyero, technician, mangangalakal, negosyante o sinumang gumagamit ng mga kemikal sa trabaho o sa bahay.

² **Mga propesyonal sa larangan ng Chemistry:** Kabilang sa mga chemical practitioner, tumutukoy ang mga propesyonal sa larangan ng Chemistry sa mga siyentipiko at inhinyero na, batay sa bisa ng kanilang pandalubhasang edukasyon, mga sertipikasyon o mga lisensya ay, awtorisadong magbigay ng mga serbisyong may kaugnayan sa Chemistry sa publiko.

Pagsusulat at Paglalathala ng Siyentipikong Materyal

Ang paglalathala ng siyentipikong materyal ay isang paraan sa pagbabahagi ng bagong kaalaman. Dapat itaguyod at ibahagi ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry ang siyentipikong kaalaman sa pananaliksik at paglikha sa pamamagitan ng pag-abot sa komunidad, pagsusulat at paglalathala ng siyentipikong materyal para sa sustainable na pag-unlad. Dapat panatilihin ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry ang katapatan at integridad sa lahat ng yugto ng proseso ng paglalathala, na dapat makatugon sa pinakamataas na posibleng pamantayan ng kaangkupan sa pagbabahagi at kawastuhan ng datos nang hindi nangongopya. Responsibilidad ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry na nangangasiwa sa iba na tiyaking walang kulang at mali sa kanilang mga isinulat na siyentipikong materyal.

Dapat itaguyod ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry ang mga payapa at kapaki-pakinabang na pagpapairal at paggamit sa agham at teknolohiya sa pamamagitan ng iba't ibang media. Responsibilidad ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry na suriin ang impormasyong nilalayong ilabas bago ibahagi.

Kaligtasan

Napakahalaga ng kasanayang pangkaligtasan at dapat itong panatilihin ng namamahalang unit, kabilang ang pamumuno sa akademya, industriya at pamahalaan. Dapat makipagtulungan ang namamahalang unit sa mga chemical practitioner sa lahat ng aspeto ng kaligtasan kabilang ang pagsasanay, regular na pag-o-audit at pagpapaunlad ng kasanayang pangkaligtasan. Dapat ay palaging alam ng lahat ang mga regulasyong pangkaligtasan na nagpoprotekta sa kalusugan at sa kapaligiran.

Dapat ay sundin ng lahat ng chemical practitioner ang mga pamamaraang pangkaligtasan. Dapat ay mayroong mga pang-inhinyero at pang-administratibong kontrol para sa kaligtasan. Dapat gumamit ng wasto at personal na pamproteksyong kagamitan at kasuotan habang gumagamit ng mga kemikal o nasa isang lugar na may mga panganib na nauugnay sa kemikal.

Seguridad

Mahalaga ang kasanayang panseguridad upang protektahan ang mga kemikal at pasilidad na dual use (magagamit sa positibo at negatibong paraan). Ang lahat ng stakeholder sa chain ng supply ng kemikal ay dapat tiyakin at isalang-alang ang seguridad sa lahat ng aspetong may kaugnayan sa kemikal. Dapat tiyakin ng mga chemical practitioner na kakayanin ng mga laboratoryo at industriyal na pasilidad na i-secure ang mga kemikal. Kailangang regular na suriin ang mga hakbang na panseguridad. Dapat bantayan ng namamahalang unit ang seguridad at sundin ang lahat ng lokal at pandaigdigang batas at regulasyon.

Workshop na Pinangasiwaan Ng:

Convened and facilitated by:



Mga Alituntunin sa Kodigo ng Etika ng Global Chemists para sa Paggamit ng Akademya

Ang pananaliksik na may kaugnayan sa Chemistry ay gumawa ng malaki at positibong pagbabago sa buong mundo. Gayunpaman, magagamit din sa mga negatibong layunin ang mga aspeto ng mga naturang kapaki-pakinabang na pagtuklas, kaya ginagamit na ngayon ang terminong “dual use” upang ilarawan ang naturang

pananaliksik. Dahil sa katotohanang ito, may dalawang patuloy na hamon na kinakaharap ang mga siyentipiko: alamin ang potensyal ng kanilang pag-aaral na maging dual use at manatiling mulat dito, at maging at manatiling responsable sa pinatutungkulang dual use na pananaliksik na sila at ang kanilang mga kasamahan mismo ang gumawa. Upang makatulong sa mga chemical practitioner sa ikalawang hamon, 30 siyentipiko mula sa 18 bansa ang dumalo sa isang workshop sa Kuala Lumpur noong Abril 2016 upang tulung-tulong na gumawa ng draft ng isang masususog pang Kodigo ng Etika ng Global Chemists (Global Chemists' Code of Ethics o GCCE), batay sa mga kundisyong ibinalangkas sa [Mga Alituntunin sa Etika ng Hague \(The Hague Ethical Guidelines\)](#) at sa Toolkit ng [Kodigo ng Asal](#). Sa pagwawakas ng workshop na ito, kusang-loob na tinanggap ng mga kalahok ang kodigo at ang tungkulin na ibahagi ang kodigo sa kanilang mga katrabaho sa pag-uwi nila.

Upang makatulong sa pagtukoy ng mga kategoryang sasaklawan ng kodigo, kumuha kami ng mga input mula sa mga propesyonal sa larangan ng chemistry sa limang bansa tungkol sa mga pang-araw-araw na sitwasyon na kinakaharap nila kung saan maaaring magkaroon ng suliraning may kaugnayan sa etika. Pagkatapos ng workshop, binigyan ang mga kalahok ng mga sumusunod na materyal:

- Opisyal na kopya ng GCCE,
- Ang preamble na ito, na naglalaman ng gabay na makakatulong sa pagtanggap sa GCCE para sa pagpapatupad sa kinabibilangang organisasyon o bansa ng isang tao,
- Ang Mga Alituntunin sa Etika ng Hague,
- Ang Toolkit ng Kodigo ng Asal, at
- [Ang Pagsasama ng Mga Etika sa Pag-unlad ng Mga Inhinyero \(Infusing Ethics into the Development of Engineers\)](#)

Sa simula, gagawing available sa publiko ang mga materyal sa pitong wika upang matiyak ang sustainability at impluwensiya sa hinaharap ng GCCE. Nagsasagawa na rin ng mga hakbang upang isalin ang kodigo sa iba pang mga wika. Bilang mga chemical practitioner sa akademya, mayroon kang mahalagang tungkulin sa pagtitiyak na mapananatili ang etikal na asal sa larangan ng Chemistry sa buong mundo, ngayon at sa hinaharap. Partikular dito, hinihikayat ka naming

- Ibahagi ang layunin at diwa ng GCCE, ng Mga Alituntunin sa Etika ng Hague, at ng Toolkit ng Kodigo ng Asal sa iyong mga katrabaho sa iyong bansa;
- Kasama ng iyong mga katrabaho, gamitin ang mga materyal mula sa GCCE workshop sa pagtukoy kung dapat bang baguhin o dagdagan ang kodigo upang makatugon sa mga partikular na isyu sa iyong bansa o institusyon;
- Itaguyod ang bukas na pakikipagtalakayan tungkol sa mga isyu sa larangan ng Chemistry na may kaugnayan sa etika sa iyong mga katrabaho sa kinabibilangan mong institusyon at sa pambansang antas, at makipagtulungan sa mga gumagawa ng patakaran sa iyong bansa upang lutasin ang mga ito,
- Humanap ng mga oportunidad upang magsama ng mga etika sa mga curriculum ng edukasyon at sa mga programa sa pagsasanay, at
- Itaguyod ang etikal na asal sa lahat ng propesyong may kaugnayan sa Chemistry sa iyong bansa at sa buong mundo.

Sa pamamagitan ng pagtutulungan, mahihikayat ng mga chemical practitioner at ng mga gumagawa ng patakaran ang bawat isa na tanggapin ang mga kasanayan sa kaligtasan at seguridad sa lahat ng aspetong nauugnay sa Chemistry na kinikilala sa buong mundo.

Workshop na Pinangasiwaan Ng:

Convened and facilitated by:



Mga Alituntunin sa Kodigo ng Etika ng Global Chemists para sa Kontrol sa Industriya at Pag-e-export

Ang mga kemikal na dual use (magagamit sa positibo at negatibong paraan) ay labis na ginagamit sa maraming larangan, kaya may dalawang patuloy na hamon na hinaharap ang mga propesyong nauugnay sa Chemistry: alamin ang potensyal ng mga kemikal na maging dual use at manatiling mulat sa mga ito, at maging at manatiling responsable sa paggamit ng mga ito sa lahat ng chain ng supply, kabilang ang pagma-manufacture, pag-i-import at pag-e-export. Upang makatulong sa mga chemical practitioner sa ikawalang hamon at upang itaguyod ang kaligtasan at seguridad sa lahat ng aspeto ng Chemistry, 30 siyentipiko mula sa 18 bansa ang dumalo sa isang workshop sa Kuala Lumpur noong Abril 2016 upang tulong-tulong na gumawa ng draft ng isang masususog pang Kodigo ng Etika ng mga stakeholder ng Global Chemists (Global Chemists' Code of Ethics o GCCE), batay sa [Mga Alituntunin sa Etika ng Hague \(The Hague Ethical Guidelines\)](#) at sa Toolkit ng [Kodigo ng Asal](#). Upang makatulong sa pagtukoy ng mga categoryang sasaklawan ng kodigo, kumuha kami ng mga input mula sa mga propesyonal sa larangan ng chemistry sa limang bansa tungkol sa mga pang-araw-araw na sitwasyon na kinakaharap nila kung saan maaaring magkaroon ng suliraning may kaugnayan sa etika. Sa pagwawakas ng workshop na ito, kusang-loob na tinanggap ng mga kalahok ang kodigo at ang tungkulin na ibahagi ang kodigo sa kanilang mga katrabaho sa pag-uwi nila, at binigyan sila ng mga sumusunod na materyal:

- Opisyal na kopya ng GCCE,
- Ang gabay na ito para sa pagtanggap sa GCCE sa kinabibilangang organisasyon o bansa ng isang tao,
- *Ang Mga Alituntunin sa Etika ng Hague,*
- *Ang Toolkit ng Kodigo ng Asal,* at
- [Ang Pagsasama ng Mga Etika sa Pag-unlad ng Mga Inhinyero \(Infusing Ethics into the Development of Engineers\)](#)

Sa simula, gagawing available sa publiko ang mga materyal sa pitong wika upang matiyak ang sustainability at impluwensiya sa hinaharap ng GCCE. Nagsasagawa na rin ng mga hakbang upang isalin ang kodigo sa iba pang mga wika. Bilang mga chemical practitioner sa kontrol sa industriya at pag-e-export, mayroon kang mahalagang tungkulin sa pagtitiyak na mapananatili ang etikal na asal sa larangan ng Chemistry sa buong mundo, ngayon at sa hinaharap. Partikular dito, hinihikayat ka naming:

- Ibahagi ang layunin at diwa ng GCCE, ng Mga Alituntunin sa Etika ng Hague, at ng Toolkit ng Kodigo ng Asal sa iyong mga katrabaho sa industriya at opisyal ng pamahalaan sa iyong bansa;
- Kasama ng iyong mga katrabaho, gamitin ang mga materyal mula sa GCCE workshop sa pagtukoy kung dapat bang baguhin o dagdagan ang kodigo upang makatugon sa mga partikular na isyu sa iyong bansa o institusyon;
- Itaguyod ang bukas na pakikipagtalakayan tungkol sa mga isyu sa larangan ng Chemistry na may kaugnayan sa etika sa iyong mga katrabaho sa kinabibilangan mong institusyon at sa pambansang antas, at makipagtulungan sa mga gumagawa ng patakaran sa iyong bansa upang lutasin ang mga ito;
- Humanap ng mga oportunidad upang magsama ng mga etika sa mga patakaran at pamamaraan ng iyong organisasyon, at
- Itaguyod ang etikal na asal sa lahat ng propesyong may kaugnayan sa Chemistry sa iyong bansa at sa buong mundo.

Sa pamamagitan ng pagtutulungan, magagawang tukuyin at pigilin ng mga gumagawa ng patakaran at chemical practitioner sa pagma-manufacture, chain ng supply, pag-i-import at pag-e-export ang maling gawi sa kanilang propesyon at ihinto ang mga kuwestyonableng kasanayan. Dagdag pa rito, maaari nating tulungan ang bawat isa na tanggapin ang mga kasanayan sa kaligtasan at seguridad sa lahat ng aspetong nauugnay sa Chemistry na kinikilala sa buong mundo.

Workshop na Pinangasiwaan Ng:

Convened and facilitated by:



Kodigo ng Etika ng Global Chemists

Mga Alituntunin para sa Paggamit ng Mga Gumagawa ng Pambansang Patakaran

Ang pananaliksik na may kaugnayan sa Chemistry ay gumawa ng malaki at positibong pagbabago sa buong mundo. Gayunpaman, magagamit din sa mga negatibong layunin ang mga aspeto ng mga naturang kapakipakinabang na pagtuklas, kaya ginagamit na ngayon ang terminong “dual use” upang ilarawan ang naturang pananaliksik. Ang mga siyentipiko sa iba't ibang larangan at propesyon ay may dalawang hamon na patuloy na kinakaharap: alamin ang potensyal ng kanilang pag-aaral na maging dual use at manatiling mulat dito, at maging at manatiling responsable sa dual use na pananaliksik na ginawa nila at ng kanilang mga kasamahan. Upang makatulong sa mga chemical practitioner sa pagbuno sa ikalawang hamon, 30 siyentipiko mula sa 18 bansa, kabilang ang mga kinatawan mula sa 7 pambansa o panrehiyong organisasyon sa Chemistry, ang dumalo sa isang workshop sa Kuala Lumpur noong Abril 2016 upang tulung-tulong na gumawa ng draft ng Kodigo ng Etika ng Global Chemists (Global Chemists’ Code of Ethics o GCCE). Ang pagsisikap sa paggawa ng draft ng GCCE ay ibinatay sa mga kundisyong ibinalangkas sa [Mga Alituntunin sa Etika ng Hague \(The Hague Ethical](#)

[Guidelines](#) at sa Toolkit ng [Kodigo ng Asal](#). Sa pagwawakas ng workshop na ito, kusang-loob na tinanggap ng mga kalahok ang kodigo at ang tungkulin na ibahagi ang kodigo sa kanilang mga katrabaho, at kung naaangkop, iakma ang teksto sa lokal na konteksto upang maitaguyod ang malawak na pagtanggap dito at sustainable na pagpapatupad nito.

Bilang partido na pinagkatiwalaan ng mahalagang responsibilidad na gumawa ng patakaran para sa iyong organisasyon, bansa, at sa buong mundo, mayroon ka ring mahalagang tungkulin sa pagtitiyak na mapananatili ang etikal na asal sa larangan ng Chemistry sa buong mundo, ngayon at sa hinaharap. Partikular dito, hinihikayat ka naming:

- Maging pamilyar sa layunin at diwa ng GCCE,
- Magkaroon ng regular na pakikipag-ugnayan sa mga propesyonal sa larangan ng Chemistry sa iyong lugar upang maunawaan at matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan at alalahanin,
- Gawing priyoridad ang mga pagsisikap sa iyong bansa na tanggapin at sundin ang mga pandaigdigang pamantayan gaya ng Chemical Weapons Convention at mga inisyatibo sa regulasyon sa industriya gaya ng Responsableng Pangangalaga,
- Pahusayin ang kaligtasan at seguridad sa lahat ng aspetong may kaugnayan sa Chemistry sa iyong organisasyon o sa iyong bansa, at
- Parangalan ang etikal na asal sa lahat ng propesyong may kaugnayan sa Chemistry sa iyong bansa at sa buong mundo.

Sa pamamagitan ng pagtutulongan, maaaring maitaguyod ng mga propesyonal sa larangan ng Chemistry at gumagawa ng patakaran ang mga etikal na kasanayan sa pananaliksik at pagtanggap sa mga kasanayan sa kaligtasan at seguridad sa lahat ng aspetong nauugnay sa Chemistry na kinikilala sa buong mundo.

Workshop na Pinangasiwaan Ng:

Convened and facilitated by:

